# NEPA at Kababaihan: Pag-aaral sa Ugnayan ng Pagsasakatawan ng Kasarian, Pagganap, at Pagtanggap ng Isang Identidad

Fernan L. Talamayan

Makikita sa kasaysayang kolonyal ng ating bansa ang pagsasantabi, pagsasagilid, at diskriminasyon ng kababaihan. Sa pagdating ng mga Espanyol, pinalitan ng mga pari ang mga babaylan at ikinulong ang kababaihan sa bahay at sa simbahan. Sa pagdating naman ng mga Amerikano pinagharian ng mga lalaki ang mundo ng politika, kalakalan, at lakas paggawa. Sa pagyakap ng patriyarkiya, sabay na ikinahon ang imahe ng kababaihan sa kusina, sa bahay, at sa pamilya. Kapansin-pansin ang pagkakahong ito sa iba't ibang materyales pangkalinangan sa Pilipinas tulad ng mga patalastas, polyeto, pahayagan, at iba pa.

Sa pag-aaral na ito, susuriin ang National Economic Protectionism Association o NEPA at mga materyales pangkalinangan nito noong dekada ng 1930. Gamit ang struktura ng samahan at tekstong media nito, ipakikita kung papaano nila isinakatawan ang gampanin ng kababaihan noong 1934 hanggang 1941. Gagaygayin ang pagsalin ng mga pagsasakatawang ito sa kanila mismong ginanapan at maaaring tinanggap na identidad. Ipaliliwanag din kung bakit sa panahon ng pag-usbong ng aktibismo sa hanay ng kababaihan, tila may ilang yumakap at tumanggap sa naturang pagsasakatawan sa kanila.

*Keywords: NEPA, Economic Protectionism, Media History, Gender Representation, Gender Identity, Women*

TRANSLATION (Full-text English translation of this paper is available at www.plarideljournal.org)

# NEPA and Women: A Study of the Relationship Between the Representation of Gender, Fulfillment of a Role, and Acceptance of an Identity

The oppression, marginalization, and discrimination of Filipino women are prevalent in Philippine colonial history—from the misrepresentation of the image of the *babaylan* to replace them with friars during the Spanish colonization, to the relegation of Filipinas to an inferior position as the brawn and political aptitude of men were seen as more important for nation-building during the American occupation. In embracing patriarchy, the image and identity of women were bounded by and associated solely with the kitchen and household. This image proliferated through advertisements, fliers, newspapers, and many others.

This study seeks to analyze the National Economic Protectionism Association or NEPA and the media materials the institution released in the 1930s. Using the structure of the association and its media text, the study aims to show how the role of the women in society was represented from 1934 to 1941, and how this representation translated to the creation of Filipina identity in this critical period of nationhood. Finally, the study seeks to understand why some Filipino women appear to have accepted and embraced this misrepresentation even in the light of activism among women during the Commonwealth Period.

## Ang Kababaihan Mula sa Pagkabuo ng Pamayanan Tungo sa Bansa: Isang Maikling Kasaysayan[1]

Malalim ang hugot sa kasaysayan ng usapin ng pagsasantabi at pagsasagilid sa mga babae sa struktura at mga tekstong media ng National Economic Protectionism Association o NEPA. Bagaman pasok sa panahon ng pagbubuo ng bansa ang usaping nais kong talakayin, mahalaga na pahapyaw munang mapasadahan ang kasaysayan ng naturang penomenon para sa higit na malalim na pagbasa ng mga naturang teksto ng NEPA.

Mayroong paggalang ngunit walang nakalalamang kung kasarian ang pinag-uusapan—iyan ang katangian ng lipunan ng sinaunang Pilipino. Ayon kay Teodoro Agoncillo (1990), tinatamasa ng mga babae sa Pilipinas ang pantay na pagtingin sa mata ng lipunan at batas bago dumating ang mga Espanyol. Hindi naiiba sa kalalakihan ang karamihan sa gampanin at ginagampanan ng kababaihan—nakakatanggap ng mana, nagiging pinuno ng isang barangay, nakapagtitinda at nakapagkakalakal din sila. Dagdag pa ni Agoncillo, bilang pagpapahayag ng paggalang sa mga babae, pinauunang maglakad ng mga lalaki ang mga babae sa tuwing magkasamang naglalakad ang dalawa.[2] Sa *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas* naman ni Zeus Salazar (2004), sinasabi niya na nagkakatulong pa nga ang babae't lalake sa iba't ibang gawaing pang agrikultura.

Gayumpaman, nagbago ang lahat ng ito nang magdatingan ang mga Muslim at Kanluranin sa Pilipinas. Sa pagdating ng mga Muslim noong 1280 (Salazar, 2004), dala-dala nila ang kanilang Kodigo na kung saan hayag na hayag ang hindi patas na pagturing sa mga babaeng Muslim sa usapin ng pagtratrabaho, pag-aasawa, at pag-akses sa sistemang hukuman (Ezer, McCalley, & Pacamalan, 2011). Sa pagdating naman ng mga Espanyol, pinalitan ng mga Katolikong pari ang mga babaylan. Habang hinahasa ang isipan ng kalalakihan sa kanilang mga itinatag na paaralan, naiwan sa mga kabahayan upang maging bihasa sa pagluluto at pagsusulsi ang kababaihan. Habang itinakda ang mga lalaki na maglingkod at kumilos para sa pagbubuo ng bansa, itinakda naman na magsilbi sa kanila ang mga babae. Nagpatuloy maging hayag sa lipunang Pilipino ang dominasyon ng kalalakihan hanggang sa pagdating ng mga Amerikano sa pagsisimula ng ika-20 siglo. Nanatili ang paghahari ng mga lalaki sa mundo ng politika. Halimbawa, wala ni isang babaeng naging kasapi ng unang Pambansang Asembliya.

Ngunit sa kabila nito, naging hudyat din ng pagbabago ang pagdating ng mga Amerikano sa bansa. Sa kanilang pagdating, nagkaroon ng pagkakataon na magkaroon ng pormal na edukasyon ang mga babae. May mga babae pa ngang ipinadala sa ibang bansa para maging "pensionada" (colonial government scholar) tulad ni Encarnacion Alzona. Sa pagkakaroon ng mga babae ng pagkakataong pumasok sa mga paaralan kung saan nag-aaral din ang mga lalaki, maaaring nagkaroon sila ng kamulatan na kaya rin nilang maging matagumpay sa mga larangang pinaghaharian ng mga lalaki. Gayundin, maaaring nagdulot ito ng pag-usbong ng kamalayan na hindi dapat maging batayan ng diskriminasyon

ang kasarian. Kung gayon, hindi rin dapat ipagkait sa kanila ang bawat karapatan ng isang mamamayan ng bansa (Kalaw, 1952).

Dahil sa kamulatang hatid ng mga pangyayari noong ika-20 siglo, napagtanto ng mga babae na bilang bahagi ng Pilipinas, karapatan din nila na makibahagi at makisangkot sa mga usaping pambansa. Makikita ang realisasyon ng penomenong nabanggit sa pag-usbong ng mga organisasyon tulad ng Women's Club of Manila, National Federation of Women's Clubs at ng Liga Nacional de Damas sa unang bahagi ng naturang siglo (Kalaw, 1952). Kanilang naisip na higit nilang maigigiit ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kolektibong pagkilos (Katigbak, 1998). Nakibahagi sila sa mga pagkilos sa pagbubuo ng isang bansang ipinagpalagay nilang maka-Pilipino, matatag, at maunlad. Kalaunan, iginiit din nila ang kanilang karapatang makaboto sa Pambansang Halalan.

Sa pagpasok ng dekada 30, napaloob ang pag-unlad ng kilusan ng mga kababaihan sa Pilipinas sa isang masalimuot na estadong ekonomiko-pulitikal. Umusbong sa dekadang iyon ang usapin ng pagbibigay-kalayaan sa Pilipinas at naharap sa isang miserableng kalagayan ang pinansya ng bansa sa napipintong pagwawakas ng "espesyal na ugnayan" nito sa Estados Unidos (Hayden, 1942). Maganda sana ang tunguhin ng ideya ng pagbibigay-laya sa Pilipinas ngunit ang mismong paggawad ng kalayaan sa Pilipinas ay nakitang magdudulot ng mabibigat na suliranin sa mga Pilipino. Malaking bahagi ng suliraning tinutukoy ay dulot ng matagumpay na pagkakawing ng mga Amerikano ng ekonomiya natin sa kanila (Corpuz, 1997), pagkakaroon ng tangkilikang may pagkiling sa mga gawang Amerikano (Lopez, 1966), at pagiging maka-Amerikano ng mga Pilipino dahil sa edukasyong Amerikano sa Pilipinas (May, 1980). Sa wika ni William Howard Taft, ginawa kasing imitasyon ng mga Amerikano o kanilang "little brown bothers" (Golay, 1997, p. 76) ang mga Pilipino—mga pangunahing taga-konsumo ng produkto, serbisyo, at kaisipang Amerikano sa Asya (Lopez, 1966).

Bilang solusyon, binuo ng Pamahalaang Commonwealth ang National Economic Council at gumawa ito ng mga polisiya na tumulong sa pagpapalakas ng sarili nating mga industriya (Gopinath, 1987). Kaugnay nito, nabuo ang National Economic Protectionism Association o NEPA na nagtaguyod ng damdaming maka-Pilipino, proteksiyonismo, pagtangkilik sa mga gawang Pilipino, at industrialisasyon.

Dahil sa napapaloob ang aktibismo ng mga Pilipina sa konteksto ng mga nabanggit na pambansang suliranin ng dekada 30, nakibahagi ang kababaihan sa mga gawaing lulutas sa mga naturang problema. Halimbawa, nang binuo ng isang pangkat ng kalalakihan ang NEPA, sumali dito ang mga babae at bumuo ng sarili nilang sangay na may sariling paraan ng pagtugon at paglutas sa mga problemang naidulot ng pagkolonisa ng mga Amerikano.[3]

## Layunin ng Pag-aaral

Iuugat ko ang pag-aaral na ito mula sa mga nabanggit na kontekstong pangkasaysayan sapagkat nakapaloob dito lahat ng aking mga sinuring tekstong media ng NEPA. Igigiit ko na isinakatawan ng mismong NEPA at ng mga tekstong media nito ang identidad at gampanin ng mga babae. At sa pagsasakatawang ito ipaliliwanag ang ugnayan ng imahe, gampanin, at identidad—na sa proseso ng paglikha ng imaheng mapangkahon, iminumungkahi ang dapat nilang gampanan; at ang gampaning ito ang isa sa mga salik na nagtatakda ng kanilang kasinuhan. Gayunman, bibigyang-diin ko ang kontekstuwal na hugot ng tila pagtanggap ng ilang babae sa mga iminungkahing gampanin at kasinuhan nila. Kinakailangan sa pag-unawa nito ang pag-alam sa konteksto ng kabalintunaang bagaman may pag-usbong ng aktibismo sa hanay ng kababaihan noong dekada 30, nanatili pa ring buhay ang pagkakahon sa kanila sa mga gawaing pangkusina, pambahay, at pampamilya. Isasagawa ang pagsasakontekstong ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa isang indikasyong maaaring tinanggap ng ilang babae sa NEPA ang itinakdang limitasyon sa kanilang kasarian.

## Saklaw at Limitasyon ng Salaysay ng Kasaysayan

Isa sa mga pinakamalaking limitasyon ng pag-aaral na ito ang mismong pagpili ko sa mga lathalain at media materials ng NEPA bilang pangunahing batis. Totoo na maaaring may iba pang mga materyales o batis na lumabas at lumaganap noong panahon ng Commonwealth na maaari ring makapagbigay ng kabuluhan sa pag-aaral na ito. Gayumpaman, pinili ko pa ring ituon lamang ang aking atensiyon sa mga batis mula sa NEPA sapagkat maraming batis ang naturang samahan na naglilinaw ng kanilang layunin, gampanin, at pangangasiwa ng pagsulong at paghubog ng kamalayang itinuring na maka-Pilipino. Higit sa lahat, napakainteresanteng suriin ang pagtingin at pagsasakatawan ng NEPA sa kababaihan lalo pa't mayroon itong sariling sangay pangkababaihan na naging aktibo sa pakikilahok sa mga gawain ng samahan at sa produksiyon ng imahe ng isang babae.

Sa usapin naman ng pagpili sa panahon, napili ko ang mga taong 1934 hanggang 1941 sapagkat una, taong 1934 ipinanganak ang NEPA, at pangalawa, bahagi ang dekada 30 ng panahon ng isang uri ng pagkabuhay ng damdaming maka-Pilipino at paglakas ng hanay kababaihan sa Pilipinas. Pinutol ko ang salaysay sa taong 1941 sapagkat malinaw na ibang iba ang naging gampanin at representasyon ng kababaihan sa lipunan na nakapaloob sa panahon ng digmaan. Kung may pagkakahalintulad man, nararapat pa ring basahin ang mga batis na nakapaloob sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa paraang naaangkop sa panahon na punong-puno ng karahasan, takot at lagim.

Upang higit na maunawaan ang pagsasa-imahe ng NEPA sa mga babae at pati na rin ng kanilang pagtatakda ng gampanin ng mga ito, marapat lamang na talakayin muna ang mismong samahan—ang NEPA.

## NEPA: Ang Pambansang Samahan sa Tangkilikan

Maiuugat ang kasaysayan ng pag-usbong ng isang pambansang samahan sa tangkilikan sa mga batas at pangyayaring bumago sa takbo ng ekonomiya ng Pilipinas sa pagsisimula ng ika-20 siglo. Noong 5 Agosto 1909, ipinasa ang Payne-Aldrich Act na nagbigay-daan sa malayang pagpasok sa Pilipinas ng kahit na ano at ilang produktong gawang-Amerika habang ang mga produktong Pilipino naman (maliban sa bigas) ay malayang pinapasok sa Estados Unidos ng may quota (Guerrero, 1998). Isa ito sa mga pangunahing hakbang ng Estados Unidos sa pagpapalawak ng kanilang kalakal sa Pilipinas at pagkakawing ng ekonomiya ng ating bansa sa kanilang ekonomiya (Corpuz, 1997). Tinutulan ng maraming lider sa Pilipinas ang hakbang na ito ng Pamahalaang Amerikano dahil sa mga lantad nang masamang epekto ng naturang batas sa pagkamit ng kalayaan ng bansa (Gleeck, 1984) ngunit saksi ang kasaysayan sa pamamalagi nito sa loob ng mahabang panahon.

Sa katunayan, sa pagpasok ng dekada 30, ramdam na ramdam ng mga negosyanteng Pilipino ang kinasasadlakang problemang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Unang problema ang nakababahalang bilang ng mga banyagang namumuhunan sa bansa (Guerrero, 1998). Kung tutuusin, hindi naman talaga masama ang dulot ng pagkakaroon ng maraming banyagang mamumuhunan sa isang bansa. Ngunit dahil sa estado-ekonomiko ng mga industriyang Pilipino noong dekada 30, naging hadlang sa pag-unlad nila ang pagdami ng mga banyagang mamumuhunan. Sa isang global na pagtingin, masasabi na dahil sa kolonyalismo ay hindi naihanda ng mga Pilipino ang kanilang sarili na makilahok at makipagsabayan sa pandaigdigang organisasyong pang-ekonomiya (Golay, 1966). Sa isa namang lokal na pagbasa, hirap na hirap makipagkompitensiya ang mga Pilipino sa usapin ng tangkilikan dahil sa taas ng popularidad ng mga gawang-Amerika at/o gawang-banyaga sa Pilipinas (Robb, 1939).

Dahil sa lalim ng pinsalang idinulot ng kolonisasyong Amerikano sa ekonomiya ng bansa at sa kaisipan ng mga mamamayang Pilipino, minabuti ng Pamahalaang Komonwelt na manawagan para sa pagtataguyod hindi lamang ng mga industriya sa bansa kundi pati na rin sa muling pagyakap at pagtangkilik ng mga ito sa kanilang pagka-Pilipino. Upang maging matagumpay ang kampanya sa pagpapalakas ng sariling ekonomiya, kinilala nina Quezon at ng iba pang mga lider ang pangangailangang mag-udyok sa damdaming maka-Pilipino. Sa ganitong paraan muling hinikayat ang mga Pilipino na makilahok sa mga adhikain ng pamahalaan at gayundin, hinimok ang mga ito na tangkilikin ang anumang likha mula sa kanilang mga kababayan. Mula sa ideyang ito ipinanganak ang National Economic Protectionism Association o NEPA.

Itinatag ang NEPA noong ika-19 ng Nobyembre 1934. Nabuo ito mula sa isang komite ng Chamber of Commerce of the Philippine Islands na binubuo nina Leopoldo Aguinaldo, Toribio Teodoro, at Ciriaco Tuason na pawang mga naatasan din na lumikha ng mga paraan upang mapalawak ang pagtangkilik

ng mga tao sa mga produktong lokal (Quirino, 1937). Ang mga orihinal na tagalakip ng NEPA ay kinabibilangan ng mga tanyag at mayayamang lalaki sa Pilipinas: L. R. Aguinaldo, Antonio Brias ng San Miguel Brewery, Toribio Teodoro, Ciriaco Tuason, Primo Arambulo, Benito Razon, Isaac Ampil, Aurelio Periquet, Gonzalo Puyat, Florencio Reyes, Vicente Villanueva, Joaquin Elizalde, Arsenio N. Luz, Ramon J. Fernandez, at Salvador Araneta (Quirino, 1937).

Ang mass media at paglalathala ang mga naging pangunahing kasangkapan ng samahan sa pagpapakalat ng kanilang mensaheng nagsusulong ng kamalayang maka-Pilipino. Sa ikapitong buletin ng NEPA (Quirino, 1937), inisa-isa nila ang mga kasangkapang ito: (1) sa mga pahayagang pang-araw-araw, lingguhan, buwanan, at lathalang pang-pagkakataon; (2) radyo; (3) pahatirang-sulat; (4) pagtatanghal; at (5) punong kalakalan. Naging kasangkapan din sa paglalathala ang mga mamamayang bahagi ng mga sumusunod: (1) paaralan, unibersidad, at iba pang paaralan; (2) pang-bayan [*sic*] pang-kaibigan at pang-kapatirang




**Larawan 1.** Retrato ng Lupong Tagapagpaganap ng Kababaihan ng NEPA. Ang mga nakaupo sa retrato sa itaas sa kaliwa ay sina Gng. B. Dizon, Gng. L. R. Aguinaldo, at Gng. Mariano Santos, at iyong mga nakatayo naman ay sina Dra. Ines S. Villa, Bb. Mia Nieva, at Gng. Amparo F. Gonzales. Makikita naman sa retrato sa gawing kanan sa itaas sina Gng. Guillermina Gelano, Gng. Victoria Lopez ni Araneta, Gng. Feliza J. ni Fernandez (mga nakaupo), at sina Bb. Maria Tinawin, Bb. Patricia Price, at Gng. Arsenio Luz (mga nakatayo). Sa retrato naman sa ibaba buhat sa kaliwa makikita sina Gng. Geronima ni Pecson, Bb. Maria Y. Orosa, Gng. Rosa Sevilla ni Alvero, Dra. Ines S. Villa, Bb. Rosario Ocampo, at Gng. Isabel Artacho-Ocampo. Pansinin na ang mga pantukoy sa ilang mga babaeng may asawa ay pangalan ng kung sinong lalaki ang kanilang napangasawa.(Quirino, 1937,p. 16)

samahan; (3) tanggapan ng pamahalaan, kawanihan at iba pa; at (4) pang-bayan at kapulungang panglahat (Quirino, 1937).


Pawang mga lalaki ang karamihan sa mga sumusulat ng mga pahatirang sulat, talumpati, at artikulo sa mga buletin at polyetong inilabas ng NEPA. Sa katunayan, sa ikapitong buletin na inilabas ng NEPA, makikita na wala ni isang babaeng sumulat ng mga talumpati, artikulo, o pahatirang sulat na sumasalaysay sa adhikain at gawain ng asosasyon. Gayundin, sa lupon mismo ng pamatnugutan ng NEPA, kitang-kita rin ang paghahari ng mga lalaki. Wala ni isang babae sa pangkat. Dahil dito, maaaring maipagpalagay na sa pagbabahagi ng mensaheng kumakatawan sa kanilang prinsipyo, lalaki ang siyang nangunguna at nagtatakda ng direksiyon at mensahe nito.

Kung gayon, saang aspekto ng pagsusulong ng interes ng NEPA naroon ang kababaihan? Bumuo ang NEPA ng isang hiwalay na sangay para sa kababaihan na ekslusibo para lamang sa kanilang kasarian (Quirino, 1937). Sa kabanatang nabanggit aking itutuon ang pag-aaral upang sagutin ang inilatag kong katanungan.

## Pakikilahok na Nakakahon: Gampanin at Ginampanan ng Kakababaihan ng NEPA

Mapapansin ang lantad na pagkapatriyarkal ng NEPA. Makikita ito sa kanilang hatian ng mga gampanin—habang ang kalalakihan ang naging dominanteng pangkat sa mga buletin at polyeto, ang kababaihan naman ay iniadyang manguna sa pagtatanghal ng damit-Pilipino. Halimbawa, sa industriya ng dressmaking, malinaw ang pangunguna ng mga babae dahil iisa lamang ang kasapi nitong lalaki. Kabilang sa kanila ang mga may-ari ng mga noo'y pinakatanyag na mga dressmaking shops tulad ng Aurelia's, Badillo's (Aurelia Gatchalian), Pura Escurdia, Filipinas Dress Shop (Rosario de Guzman), Jardin de Modas (Concha Carmen Lualhati), Lyric Fashion (Rosenda de Albo), Model Style Roa's (Pilar Ver Enriquez), Modiste Shop, Tres Chic (Segundina Chua Jacinto), at Ramon Valera (Quirino, 1937).

Naging aktibo ang lupon ng kababaihan ng NEPA na impluwensiyahan ang isipan at hilig ng mga babae sa pagpili ng kasuotan. Sa pamamagitan ng pagtatanghal sa mga fashion show ng mga damit na may disenyong ipinagpalagay na katutubo o ng mga usong damit na yari sa mga lokal na materyales tulad ng pinya, sinamay, jusi, at pinokpok, at sa pagsusuot ng mga ito sa karnabal at sa mga salu-salo, hinikayat nila ang kababaihan na piliin ang mga damit na maka-Pilipino. Iginiit nila na kasing ganda o kung hindi man ay higit na maganda pa ang mga disenyo at yari ng mga ito kumpara sa mga Kanluraning kasuotan. Nakabuti ito sa mga lokal na industriya ng tela sapagkat pinataas nito ang pagkonsumo ng mga mananahi ng mga lokal na materyales. Nakabuti rin ito sa mga mamimili sapagkat, halimbawa, sa Aurelia's, nagbenta sila ng mga dekalidad na damit sa mas murang halaga dahil mas mura ang materyales na




**Larawan 2** at **Larawan 3.** Pagtatanghal ng mga damit na tinahi ng mga dressmakers na kasapi ng NEPA. Mga matron at debutante sa Maynila ang mga modelo sa larawan. Karamihan sa kanila ay mga sikat na babae tulad nina Sonia Gamboa, nakilahok sa pagrampa sa NEPA Ball Fashion Show ng 1938, at Guia Balmori ng Bb. Pilipinas 1938. (Quirino, 1937, pp. 150-151).

ginamit sa paglikha ng mga naturang paninda. Higit sa lahat, nakatulong ang paggamit at pagsusuot ng mga damit na may temang Pilipino sa pagpapalaganap at pagpapaigting ng damdaming maka-Pilipino (Quirino, 1937).

Halimbawa ng mga damit na itinatanghal nila ay makikita sa Larawan 2 at Larawan 3 na nakuha sa NEPA Handbook na inilathala ng samahan noong 1938.

Pinasok din ng kababaihan ng NEPA ang taunang karnabal sa Maynila. Pinangunahan ng noo'y Pangulo ng Pangbansang [*sic*] Kababaihan ng NEPA na si Gng. Victoria Lopez-Araneta ang isang Fashion Show Night noong ika-24 ng Pebrero 1935 na nagsilbing pagsasapatalastas ng lokal na kasuotan. Sa naturang gabi itinampok ang paggamit ng mga materyales o produktong mula sa Pilipinas sa paggawa ng mga damit. Inanyayahan sa naturang pagtatanghal ang lahat ng mga fashion establishment, milliner, at modiste sa lungsod ("Preparations are now underway for a bigger and greater 1935 carnival and fair," 1935).

Isa ring gampaning ibinigay o inako ng kababaihan ang pagsusulong ng inobasyon sa usapin ng pagkain. Halimbawa, upang tugunan ang hamon na dulot ng malawakang pag-angkat at pagbili ng mga Pilipino ng harina, lumikha ang isang kasapi ng NEPA na si Maria Orosa ng isang uri ng harina na gawa mula sa sapal ng buko. Dahil sa dami ng buko sa Pilipinas, iminungkahi rin niya na

gamitin ang mantika mula dito bilang kapalit sa mga imported na shortenings tulad ng mantekilya (Orosa-del Rosario, 1970).

Maliban pa sa mga nabanggit, wala nang iba pang malinaw na ginampanan ang mga babaeng kasapi ng NEPA sa pagsusulong ng layunin nito. Makikita na napakalimitado ng saklaw ng kanilang pakikilahok—nakakahon lamang sa paggawa ng damit, produktong pang-kusina, at kosmetiko. Matapos talakayin ang ilan sa mga ginampanan ng kababaihan ng NEPA, tatalakayin ko naman ang pagsasakatawan o pagsasa-imahe ng samahan sa kanilang kasarian.

## Mga teksto ng pagsasakatawan at pagtatakda ng kasinuhan ng kababaihan: Ang ugnayan ng imahe, gampanin, at kasinuhan

Ayon kina Susan Egan at David Perry (2001), ang identidad pangkasarian ang marahil pinakamalakas na nagbibigay-hugis sa kasinuhan ng tao. Sa kanilang pag-aaral, sinasabi nila na isang multidimensional construct ang identidad pangkasarian na siyang sumasaklaw sa pagkilala at pag-unawa ng isang indibidwal sa kanyang kinabibilangang kasarian. Nagdudulot ang pag-unawang ito ng pressure sa mga tao na sumunod sa tanggap na balangkas ng kanilang kasarian.[4] At malaki ang ginagampanang papel ng media sa prosesong ito; isa ang media sa mga pinakamalalaking ahenteng nagtatakda ng balangkas ng kasarian. May kapangyarihan itong magtakda ng istiryotipo ng pagkalalaki at/o ng pagkababae.

Kung gayon, paano na lang kung ang media ay nakapaloob sa isang balangkas na may pagkiling sa isang kasarian? Paano na lang kung ang nililikhang balangkas nito ng isang kasarian ay nasa linya ng pagsasantabi, pagsasagilid, at diskriminasyon ng isang kasarian? Ano ang maaaring maging epekto nito sa pagkilala ng isang indibidwal sa kanyang kasarian?


Sa mahabang panahon, iniuugnay ang imahe ng isang babae sa kusina, bahay, pamilya, pagtsitsismisan, at pagpapaganda. Kadalasan, iminumungkahi ng mga naturang imahe ang mga naaakmang gawain at gampanin




**Larawan 4**. Patalastas ng Ovaltine sa porma na komiks noong Hulyo, 1934. (Hartendorp, 1934, p. 311)




**Larawan 5.** Patalastas ng Ovaltine sa porma na komiks noong Agosto, 1934. (Hartendorp, 1934, p. 359)




**Larawan 6.** Patalastas ng Ovaltine sa porma na komiks noong Setyembre, 1934. (Hartendorp, 1934, p. 407)




**Larawan 7.** Patalastas ng Ovaltine sa porma na komiks noong Nobyembre, 1934. (Hartendorp, 1934, p. 519)




**Larawan 8.** Patalastas ng Ovaltine sa porma na komiks noong Disyembre, 1934. (Hartendorp, 1934, p. 579)




**Larawan 9.** Patalastas ng Tangee Lipstick. Tingnan kung paano iniuugnay ng patalastas ang pagiging kabigha-bighani sa lipstick. Nakuha ang patalastas ng Tangee Lipstick sa Philippine Magazine. (Hartendorp, 1934, p. 267)

ng mga babae na sa huli ay nagtatakda ng kanilang kasinuhan. Halimbawa, sa lahat ng mga patalastas sa pormat na komiks ng Ovaltine the Swiss Food-Drink na lumabas sa *Philippine Magazine* ni A.V.H. Hartendorp (1934), parating gumaganap bilang maybahay o housewife ang mga babae at parating gumaganap naman bilang propesyonal at nagtratrabaho para sa pamilya ang mga lalaki. Laging ipinakikita na pinaglilingkuran ng babae ang kanyang asawa, ipinagtitimpla niya ito ng Ovaltine para makatulog nang mahimbing. Gayundin, ipinakikita rin sa mga patalastas nito ang gampanin ng babae bilang ina na siyang responsable sa kalusugan at pagpapalaki ng kanyang mga anak.

Sa mga patalastas naman ng Electrolux sa naturang magasin noong Hunyo, Hulyo, at Disyembre 1934, iminumungkahi ng kompanya na ikinaliligaya ng mga nanay na magkaroon ng refrigerator. Parating babaeng naka-apron ang nasa patalastas ng mga gamit pangkusina. Sa mga patalastas naman ng PLDT, pinayuhan ang mga babae na magpakabit ng ekstensiyon ng telepono nang mapadali ang kanilang pakikipagkwentuhan sa mga kaibigan kahit na nasaan man silang bahagi ng bahay. Iminumungkahi ng nasabing patalastas ang kahiligan ng mga babae sa pakikipagkwentuhan. Sa patalastas naman ng Tangee, world's most famous lipstick sa *Philippine Magazine* (Hartendorp, 1934), makikita ang isa pang paglalahat sa mga babae:

> Men compare her (yung babae sa retrato) with other girls and find her lovelier by far! Men are attracted by beautiful lips, but no man likes "painted" lips. Her lips never shriek "paint," for she always uses Tangee Lipstick. It gives lips the youthful color men admire, without risking a painted appearance. (p. 267)
>
> [Ikinukumpara siya (tinutukoy ang babaenga nasa larawan)




**Larawan 10.** Patalastas ng PLDT. Pagdating sa usapin ng pakikipagkwentuhan sa kaibigan, babae pa rin ang ginagamit na tauhan. Kasapi ang PLDT sa NEPA. (Quirino, 1938, p. 179)




**Larawan 11.** Patalastas ng mantika at mantekilya ng F.E. Zuellig, Inc. Isang patalastas na nag-uugnay sa mga babae sa mga produktong pangkusina. Kasapi rin ang F.E. Zuellig, Inc. sa NEPA. (Quirino, 1938, p. 189)

ng mga lalaki sa ibang mga babae at itinuturing siyang mas kabigha-bighani! Ang mga lalaki ay naaakit sa mga magagandang labi, ngunit walang sinumang lalaki ang nagkakagusto sa 'pininturahang' labi. Kailanman ay hindi bumibigkas ng 'pintura' ang kanyang labi (tinutukoy ang labi ng babae sa patalastas) sapagkat lagi siyang gumagamit ng Tangee Lipstick. Nagbibigay ito sa labi ng nakababatang kulay na siyang kinagigiliwan ng kalalakihan, na walang panganib na magmukha itong pininturahan.]

Iminumungkahi ng patalastas na nagpapaganda ang isang babae hindi para sa kanyang sarili; bagkus, nagpapaganda siya para maging maaya siya sa paningin ng mga lalaki. Sa huli, lalaki pa rin ang dapat nilang bigyang-kasiyahan. May mga lathalain naman tulad ng mga isinusulat ni Mary Macdonald sa kanyang kolum sa *Philippine Magazine* na pinamagatang "The Philippine Home" kung saan parati niyang pinagtitibay ang ideya na tagaluto, taga-budget, at tagapagsilbi sa mga salu-salo ang mga babae (Macdonald, 1934). Pinagtitibay ng mga nabanggit na pagsasa-imahe ang itinakda ng lipunan na kasinuhan ng mga babae na nakaayon sa itinakdang mga gawain at gampanin para sa kanilang kasarian.




**Larawan 12.** Isang halimbawang patalastas ng Mayon Stove tuwing panahon ng Kapaskuhan. Pinagtitibay ng patalastas ang pagkakahon sa mga babae sa kusina. Sinasabi na isang magandang regalo ng lalaki sa kanyang asawa ang naturang kalan. Kasapi rin ang C. Tuason E. Hijos, Inc. sa NEPA. (Quirino, 1938, p. 205)

Ang pagsasakatawang binanggit sa itaas ang siya ring pagsasakatawang ginamit ng NEPA sa kababaihan noong dekada 30. Minana ng NEPA ang kinagisnan nitong imahe ng kababaihan. Tingnan na lang ang larawan 10, larawan 11 at larawan 12 bilang mga halimbawa ng mga patalastas na mula mismo sa NEPA (Quirino, 1938).

Makikita na konsistent ang NEPA pagdating sa pagtingin nito sa kababaihan. Hayag na hayag ang bahid-patriyarkiya ng NEPA mula sa estruktura ng samahan, pagtatakda ng gampanin ng mga kasaping babae, hanggang sa produksiyon nito ng mga tekstong media patungkol sa babae. Paulit-ulit sa iba't ibang mga patalastas ang pagkakabit sa mga babae sa kusina, bahay, atbp., at sa proseso ay lumikha ang mga ito ng mga naaakmang gampanin ng mga babae. Sa huli, nagbigay ang mga tekstong ito ng isang kasinuhan na nagbibigay-ideya sa mga babae ng kanilang pagkababae—na kapag babae ka, inaasahan ng lipunan na marunong ka dapat magbudget, manahi, magluto, atbp.

## Isang Paliwanag sa Pagyakap sa Iginiit na Kasinuhan ng Kababaihan

Makikita ang kabuuan ng dalumat ng kalalakihan ng NEPA sa gampanin ng kababaihan sa paglulunsad ng kanilang adhikaing maka-Pilipino sa artikulong pinamagatang "Ang Babai at ang Tangkilikan" ni Toribio Teodoro, Pangalawang Pangulo ng NEPA noong 1937 (na siya ring may-ari at Tagapamahalang Pangkalahatan ng Ang Tibay) sa ikapitong buletin ng asosasyon (Quirino, 1937):

> Totoo ang sabi na kung wala ang babai ay wala rin ang pagibig, at kung saan wala ang pagibig ay wala rin ang pagkasulong. Isang manunulat ang may sabi na sa likod ng bawa't kilusang matagumpay ay naroon ang isang babai. Maaaring ang babaing

> iya'y isang inang dumadalangin sa ikapagtatagumpay ng anak na nagpupunyagi, isang kapatid na babaing ang hangad ay mapanuto sa pakikibaka ang kapatid na lalaki, o isang kabiyak ng puso o kasintahang nagbibigay ng apoy sa minamahal upang magpatuloy na walang humpay sa kanyang mga gawa at mithiin sa buhay...Dito sa Pilipinas, ang pinakalitaw o tanyag na tauhan ng isang sambahayan ay ang babai. Ang Pilipinang Ina ng sambahayan ay isang taga-ingat-yaman ng boong mag-anak.
>
> Tañgi sa **siya ang punong namamahala sa pananalapi at bumibili ng mga kailangan ng sambahayan, ang Inang Pilipina ay may angkin pa ring tungkuling pinaka-guro sa kanyang mga anak**.
>
> Ang magkalakip na tungkuling tagapamili at guro ay siyang naglalagay sa Bayang Pilipina sa isang mabigat na gawaing may kinalaman sa kabuhayan. Sa ganitong katayaan ay maaari siyang makagawa ng malaking tulong sa layuning itinaguyod ng tangkilikan. Maaaring kanyang ipasiya, bilang halimbawa, na ang bilhin ay ang sariling ani at yari upang kanin at gamitin ng kanyang sambahayan. Sa ganitong paraan ay kanyang maigagawi ang mga tauhan ng kanyang tahanan sa panatilihan at matatag na pagtangkilik sa kabuhayan ng bayan. Sa kanyang tungkuling pagka guro ay mayroon siyang maraming pagkakataon na mailimbag sa pag-iisip ñg kanyang mga anak ang pagmamahal at pagibig sa mga yaring Pilipino. (sa akin ang diin; p. 18)

Pinanatili ang mga babae bilang katuwang, kaagapay, at katulong ng mga lalaki. Kung babasahin ang naturang teksto sa teorya ng hegemonya ni Gramsci (halaw kay Encanto, 2014), hayag na hayag ang pangungumbinsi ng kalalakihan (na maituturing bilang ruling class sa salita ni Gramsci) na ang kanilang paghahari o pagiging dominante ay makabubuti para sa kapakanan ng kababaihan. Patunay dito ang pahayag ni Teodoro na ang pagkilos ng NEPA ay ibinunsod alang-alang sa mga babae at magtatagumpay lamang sa tanging tulong at pakikiisa ng mga babae (Quirino, 1937). Ayon sa teorya ng hegemonya, kaakibat ng pagpapanatili ng kapangyarihan sa naghaharing uri ang paulit-ulit na pagpapaalala sa mga pinaghaharian nito ng kahalagahan ng kanyang pamumuno (Encanto, 2004). Sa ganitong paraan, kahit pa sinakyan ng kalalakihan ng NEPA ang bugso ng aktibismo ng mga babae noong dekada 30, nanatiling "bida" sa pinilakang tabing ang mga lalaki. Sa pagpapahintulot na maging aktibo ang mga babae sa kanilang mga gawain, kakabit ang paggigiit

sa isipan ng mga ito ang balangkas ng NEPA na maka-lalaki. Pinanatili sa balangkas ng NEPA ang patriyarkiya sa pamamagitan ng pagkakahon sa mga babae sa mga usaping pambahay, pamamalengke, at pagtuturo sa mga anak.

Ngunit sa kabila ng tila hindi patas na pag-iistiryotipo sa mga babae, dapat ding pansinin na may mga pahiwatig na tila tinanggap ng ilan pa ring mga babae sa panahong iyon ang mga nabanggit na "istiryotipo"—na kahit pa nakikilahok na sila sa mga usaping pambansa, niyayakap pa rin nila ang gampanin ng isang babaeng ang tanging papel ay sumuporta sa kalalakihan at pangalagaan ang pamilya. Makikita ang argumentong nabanggit sa pagsasalarawan ni Pura Villanueva Kalaw (1952), isa sa mga pangunahing suffragist noong panahon ng panunungkulan ng mga Amerikano, sa pagkilos at pagtanggap ng mga babae sa kanilang gampanin:

> Although the Filipina was kept busy with the agitation for suffrage, she did not forget her duties to her family and to her home. The welfare of her children and husband came first. Before she went out to her suffrage meetings, she sent her children off to school and prepared her husband's meals. Her children's education was her great concern.
>
> The desire for education has been so instilled by Filipino mothers into their children that when these children grow up, they spare no effort to get educated. Ask any young man what his ambition is and his immediate reply will be: to finish college. The best thing to do for anyone who wishes to study is to give him the means for going to school. In philanthropy, the Filipina did her share and helped many a deserving man and woman. **The Filipina may have been preoccupied with suffrage, but she certainly did not neglect her duties both to her home and to her community.** (sa akin ang diin; p. 27)
>
> (Bagama't nakikipaglaban ang Pilipina para sa karapatang makaboto, hindi niya nakalimutan ang mga tungkulin niya sa pamilya at pamamahay. Laging una sa lahat ang kapakanan ng kanyang asawa't anak. Bago makipagpulong kung paano makakamit ang karapatang makaboto, inaasikaso muna niya ang kanyang anak na papasok sa paaralan sa umaga, at ang kakainin ng kanyang asawa. Napakahalaga para kanya ang pag-aaral ng kanyang mga anak.
>
> Makikita sa pagsisikap ng mga anak na makapag-aral ang pagpapahalaga sa edukasyon na naidiin sa kanilang pag-iisip

dahil sa pagpapalaki ng kanilang mga inang Pilipina. Tanungin ang isang binata kung ano ang kanyang ambisyon at agad nitong tuturan na nais niyang makapagtapos ng kolehiyo. Ang pinakamabuting gawin sa sinumang nagnanais makapag-aral ay ang tulungan siya upang makapagtapos. Sa pagkakawanggawa, makikitang ginagampanan ng Pilipina ang kanyang bahagi at tumutulong sa mga karapatdapat na lalaki at babae. **Maaaring abala ang Pilipina sa pagkamit ng karapatang makaboto, ngunit pihadong hindi niya napababayaan ang kanyang tungkulin sa pamamahay at komunidad niya**.)

Kung indikasyon si Kalaw ng pagtanggap ng ilang Pilipina sa sistemang patriyarkal, maaaring masabing dulot ito ng pagpapatibay ng patriyarkiya ng mga institusyong tulad ng pamahalaang kolonyal, paaralan, media, at ng NEPA. Gamit ang mga salita ni Louis Pierre Althusser na aking nahalaw mula kay Encanto (2004), maaaring maituring bilang Ideological State Apparatuses (ISA) ang mga nabanggit na institusyon sapagkat naging daluyan ang mga ito ng balangkas-pangkaisipan na siyang nagpanatili ng ninais ng "dominanteng" kasarian (mga lalaki) na maging dominanteng estruktura. Sa pagtatakda sa mga subjects (na sa usaping ito ay ang mga babae) ng isang partikular na posisyon ng mga naturang ISA, "malaya" nilang tinanggap ang opresyon o ang higit na mababang estado sa lipunan (Encanto, 2004).

Samakatuwid, hindi lamang ang mga imahe at paglilimita ng mga lalaki sa babae ang nakapagpanatili sa dominasyon ng lalaki sa lipunang Pilipino noong dekada 30; gayundin, maaaring may ambag ang ilang babae sa itinakdang imahe at gampanin ng lipunan para sa kanila. Ipinaliliwanag nito ang kabalintunaan na bagaman at kinilala ng NEPA ang kahalagahan ng mga babae sa paglulunsad ng proteksiyonismo at pagiging maka-Pilipino, nanatili pa rin ang pagturing sa kanila bilang katuwang at katulong lamang, sa halip na kapantay na kasama, sa pagtupad ng mga adhikain ng samahan.

## Sa Pagsasakasaysayan ng mga Pagsasakatawan, ng Mismong Ginampanan, at Pagtatakda ng Kasinuhan ng Kababaihan noong Dekada 30: Isang Paglalagom

Maunlad na ang pagkilala ng kasalukuyang panahon sa laki ng gampanin ng lipunan at ng media sa paghubog sa pagtingin at pagbibigay-halaga sa isang kasarian. Ang usapin ng pagsasagilid, pagsasantabi, o ng diskriminasyon ng isang kasarian ay isang usapin ng pagpili ng balangkas; at ang balangkas na ito ang siyang nagdidikta ng katayuan o estado ng isang indibidwal batay sa kanyang kasarian. Makikita ito sa mismong proseso ng paglikha ng teksto na kung saan naisasalin sa mga ito ang pagkiling ng isang tao o ng pangkat ayon sa balangkas na kanyang o kanilang niyayakap.

Patunay rito ang inilahad kong kaso ng tekstong nilikha ng NEPA patungkol sa kababaihan. Sa kanilang pagsasakatawan sa babae, pinagtibay nila ang namamayaning pagkakahon sa babae sa usapin ng kusina, bahay, at pamilya. Hindi kaila na ang mga imaheng mapangkahon ay nakapagdikta ng mga partikular na gampanin sa mga babae na sa huli ay nakapagbibigay ng isang pagtingin at pagtanggap na ang mga naturang imahe ang siyang sumasakatawan sa kanilang kasinuhan. Ngunit sa paggaygay ng proseso ng pagtanggap, mahalaga ring suriin ang kontekstong pangkasaysayan nito. Mauunawaan lamang ang pag-usbong ng isang kasinuhan sa pamamagitan ng paghukay sa karanasan ng mga taong nagtataglay ng naturang kamalayan.

## Mga Pinagsanggunian


Agoncillo, T. A. (1990). *History of the Filipino people* (8th ed.). Barangay Commonwealth, Quezon City: Garotech Publishing.

Corpuz, O. D. (1997). *An economic history of the Philippines*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Egan, S. K., & Perry, D. G. (2001). Gender identity: A multidimensional analysis with implications for psychosocial adjustment. *Developmental Psychology*, 37(4), 451–463.

Encanto, G. R. (2004). *Constructing the Filipina: A history of women's magazines (1891-2002)*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Ezer, T., McCalley, P., & Pacamalan, N. (2011). Protecting women's human rights: A case study in the Philippines. *Human Rights Brief*, 18(3), 21–27.

Gleeck, L. E. (1984). *The American half-century, 1898-1946*. Quezon City: New Day Publishing.

Golay, F. H. (1966). Economic collaboration: The role of American investment. In F. H. Golay (Ed.), *The United States and the Philippines* (pp. 95–124). Englewood Cliffs, New Jersey: Prentice-Hall Inc.

Golay, F. H. (1997). *Face of empire: United States-Philippine relations, 1898-1946.* Ateneo de Manila University Press.

Gopinath, A. (1987). Manuel L. Quezon and economic protectionism, 1935-1941. *The Journal of History, 32*(1 & 2), 15–33.

Guerrero, M. C. (1998). *Kasaysayan: The story of the Filipino people, Vol. 6: under Stars & Stripes*. Quezon City: Six Asia Publishing Co. Ltd.

Hartendorp, A. V. H. (Ed.). (1934). *Philippine Magazine, 31*.

Hayden, J. R. (1942). *The Philippines: A study in national development*. New York: Macmillan.

Kalaw, P. V. (1952). *How the Filipina got the vote*. Dasmariñas, Manila: Crown Printing.

Katigbak, M. K. (1998). The fight for women's suffrage. In M. C. Guerrero (Ed.), *Kasaysayan: The story of the Filipino people, Vol. 6: under Stars & Stripes* (pp. 196–197). Quezon City: Six Asia Publishing Co. Ltd.

Lopez, S. P. (1966). The colonial relationship. In F. H. Golay (Ed.), *The United States and the Philippines* (pp. 7–31). Englewood Cliffs, New Jersey: Prenctice-Hall Inc.

Macdonald, M. (1934). The Philippine home. *Philippine Magazine 16* (1): 32-34.

May, G. A. (1980). *Social engineering in the Philippines: The aims, execution, and impact of American colonial policy, 1903-1913*. Westport, Connecticut: Greenwood Press.

Orosa-del Rosario, M. Y. (1970). *Maria Y. Orosa, her life and work*. Quezon City: R. P. Garcia Publishing Company.

Preparations are now underway for a bigger and greater 1935 carnival and fair. (1935, January). *Literary Song-Movie Magazine*, 1(5).

Quirino, E. (1937, June 15). Batayan ng pagkakatatag at pangagasiwa ng NEPA. National Economic Protectionism Association.

Quirino, E. (1938). *NEPA Handbook*. National Economic Protectionism Association.

Robb, W. (1939). *Philippine trade: Our Far Eastern base*. Manila: American Chamber of Commerce of the Philippines.

Salazar, Z. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong balangkas.* Quezon City: Bagong Kasaysayan.

## Mga Tala

[1]Halaw sa *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong balangkas* ni Zeus Salazar (2004) ang naturang pagsasapanahon. Ayon sa *Bagong balangkas* ni Salazar (2004), mahahati sa tatlong panahon o bahagi ang kasaysayan ng Kapilipinuhan; "Pamayanan" (h-k.500,000/250,00 BK – 1588 MK), "Bayan" (1588 -1913) at "Bansa" (1913 - kasalukuyan). Tampok sa unang bahagi ang "paglitaw ng sinaunang pamayanang Pilipino mula sa pagsulpot ng unang tao hanggang sa paglaganap ng Islam sa Sulu" (Salazar, 2004, p. 3); nakapaloob naman sa ikalawang bahagi ang paglawak ng dalumat ng bayan at nación sa ilalim ng dalawang kolonisador, habang sa ikatlong bahagi naman nakapaloob ang panahon ng banggaan ng "kasarinlan" at "kalayaan" – "kasarinlan" bilang "pagsasarili at identidad/kakayanan" at "kalayaan" bilang "independensiya o kalayaang pulitikal o/at pang-ekonomiya" (p. 3).

[2]Hindi saklaw ang lipunang Muslim sa mga binanggit na paglalahat ni Agoncillo tungkol sa estado at gampanin ng mga babae sa sinaunang pamayanan.

[3]Maraming mga *suffragist* noon tulad ni Geronima T. Pecson na kasapi ng NEPA.

[4]Tradisyunal na pagkaunawa sa kasarian (babae at lalaki lamang) ang aking tinutukoy rito.

Si **FERNAN TALAMAYAN** ay instruktor sa Departamento ng Komunikasyong Pambrodkast sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Nagtapos siya ng BA Kasaysayan, *cum laude*, at kasalukuyang kumukuha ng MA Kasaysayan sa Departamento ng Kasaysayan, UP Diliman. Karamihan ng kanyang mga pananaliksik ay nakatuon sa kasaysayan ng mass media at impluwensiyang Amerikano sa Pilipinas (corresponding author: fernan.talamayan@phikappaphi.up.edu.ph).